International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

**Peer Review Report Form**

| | |
|---|---|
| **Pamagat ng Manuskrito:** | Floraphic: E-Kagamitang Pantulong Sa Pagtuturo Ng Obra Maestrang Florante At Laura Sa Mga Mag-Aaral Sa Dibisyon Ng Camarines Norte |
| **Uri ng Artikulo:** | Orihinal na Artikulo |

## UNANG YUGTO

### Editor

| Pangkalahatang Puna |
|---|
| Kinikilala ng mga tagasuri ang kahalagahan ng inyong manuskrito at inirerekomenda ang mga rebisyon upang higit pang mapabuti ang kalinawan, organisasyon, at pangkalahatang kalidad nito.<br><br>Bukod dito, kinakailangan ninyong magsagawa ng masusing imbentaryo ng mga sanggunian sa inyong manuskrito. Tiyakin na ang mga sangguniang binanggit lamang sa loob ng manuskrito ang nakatala sa seksyong “Mga Sanggunian”, gayundin, na ang lahat ng sanggunian ay maayos na nabanggit sa manuskrito. Halimbawa, kung may 20 sangguniang binanggit sa manuskrito, dapat ay 20 lamang din ang nasa seksyong “Mga Sanggunian”. Gayunpaman, tandaan na ang paulit-ulit na pagbanggit sa iisang sanggunian sa loob ng manuskrito ay binibilang bilang isang *entry* lamang; kaya maaaring mas mababa ang bilang ng mga entry sa seksyong ito, kumpara sa kabuoang bilang ng *in-text citations*.<br><br>Dagdag pa rito, napansin na karamihan sa mga sanggunian ay hindi matatagpuan online. Mangyaring iberepika ang lahat ng sanggunian at tiyakin ang katumpakan. Maglagay ng wastong website link o DOI sa bawat sanggunian, at siguraduhing tumutugma ang detalye ng sanggunian sa ibinigay na link o DOI. Ang lahat ng sanggunian ay isa-isang susuriin para sa beripikasyon. |

### Tagasuri 1

| Pangkalahatang Puna |
|---|
| May halaga ang pag-aaral dahil tumutugon ito sa pangangailangan ng mas makabago at biswal na pagtuturo ng Florante at Laura gamit ang Floraphic. Gayunman, kailangan pang palakasin ang metodolohiya at ayusin ang ilang hindi tugmang datos upang maging mas matibay ang ebidensya ng bisa ng kagamitang binuo. |

| Tiyak na Puna |
|---|
| Kailangang linawin ang mga kalahok ng pag-aaral. Sa ilang bahagi, binabanggit ang Baitang 8 bilang kalahok, ngunit sa metodolohiya ay Baitang 9 ang aktuwal na kalahok. Mahalaga ito |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

| |
|---|
| dahil maaaring magkaiba ang antas ng kaalaman at karanasan ng dalawang baitang sa pag-aaral ng Florante at Laura. |
| May ilang hindi tugma sa presentasyon ng datos, lalo na sa Talahanayan 3 kung saan ang mga frequency at bahagdan ay hindi pareho sa paliwanag sa teksto. Dapat muling suriin ang lahat ng table at interpretation dahil naaapektuhan nito ang kredibilidad ng resulta. |
| Ang disenyo ay pretest-posttest lamang at walang malinaw na *control* o *comparison group*. Dahil dito, mahirap masabing ang pagtaas ng marka ay dahil lamang sa Floraphic. Maaaring may epekto rin ang paulit-ulit na paggamit ng parehong *test* o ibang salik sa pagtuturo. |
| Sa estadistikal na pagsusuri, ginamit ang *paired t-test* ngunit ang interpretasyon ay “May Kaugnayan.” Mas angkop na sabihin na may “makabuluhang pagkakaiba.” Mainam din na magdagdag ng *effect size* upang makita kung gaano kalaki ang aktuwal na epekto ng Floraphic, hindi lamang kung ito ay may makabuluhang pagkakaiba. |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| **Pasya** | |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

**Tagasuri 2**

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Napakaganda ng inisyatiba ng pananaliksik na ito. Napapanahon ang pagbuo ng isang offline mobile application na "Floraphic" upang gawing interaktibo ang pagtuturo ng klasikong panitikang Pilipino, lalo na't nakatugon ito sa kakulangan sa *internet connectivity* ng maraming mag-aaral. Mahusay rin ang ginawang hakbang na pagpapasuri nito sa mga eksperto gamit ang pamantayan ng *LRMDS* bago ipagamit sa mga mag-aaral. Gayunpaman, upang maging angkop ang papel na ito para sa publikasyon, kailangang patibayin ang ilang kritikal na aspeto ng metodolohiya, linawin ang nakalilitong presentasyon ng estadistika, at ayusin ang integrasyon ng teoretikal na balangkas. |

| **Tiyak na Puna** |
|---|
| May malaking problema sa *computation* o sa paglagay ng Talahanayan 10, 11, at 12. Sa bahagi ng Metodolohiya, malinaw na sinabi na sumagot ang mga mag-aaral ng tatlumpung (30) aytem na pagsusulit. Subalit, makikita sa Talahanayan 10 na ang Mean Score para sa Pretest ay 5.06 lamang, ngunit ang inilagay na katumbas nitong Mean Percentage Score (MPS) ay 50.56%. Kung 30 aytem ang kabuoan, ang iskor na 5.06 ay humigit-kumulang 16.8% lamang, hindi 50.56%. Malamang na ang 30 aytem ay hinati sa tatlong kategorya (Talasalitaan, Nilalaman, at Aral) na may bawat 10 aytem, ngunit hindi ito malinaw na ipinaliwanag sa teksto. Kailangang |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

| |
|---|
| linawin ang kabuoang bilang ng aytem bawat kategorya upang maging balido ang presentasyon ng *MPS*. |
| Hindi sapat ang paglalarawan sa pamamaraan ng pagpapasubok ng Floraphic sa mga mag-aaral. Inilarawan lamang na mabilis na *download* ng mag-aaral ang aplikasyon, hinayaan silang subukin ito, at kasunod nito ay isinagawa na ang panapos na pagtataya. Para sa isang *quasi-experimental* o *pre-experimental* na pag-aaral, kritikal na malaman ang haba ng *exposure* o *intervention period*. Isang oras lang ba nila itong ginamit bago mag-posttest? Ilang araw o linggo ba itong isinama sa kanilang pag-aaral? Mahina ang magiging pundasyon ng makabuluhang pagkakaiba kung hindi malinaw ang tagal at kondisyon ng paggamit ng *app.* |
| Nabasa ko lamang ang tungkol sa *Cognitive Theory of Multimedia Learning (CTML)* ni Mayer sa bahagi ng Diskusyon bilang suporta sa nakuhang resulta. Sa matitibay na akademikong papel, ang teoryang ito dapat ang nagsisilbing pangunahing angkla ng pag-aaral at inilalagay agad sa Introduksyon. Kailangang ipaliwanag nang maaga kung paano ginamit ang mga prinsipyo ng CTML, tulad ng *Multimedia Principle* at *Interactivity Principle* sa mismong pag-disenyo at pagbuo ng Floraphic bago pa man mangalap ng datos. |
| Ayon sa pamamaraan, pinili ang mga mag-aaral sa Baitang 9 gamit ang *Stratified Random Sampling* dahil may aktuwal na silang karanasan sa araling Florante at Laura kumpara sa mga nasa Baitang 8. Dahil ang Floraphic ay naglalayong magamit bilang kagamitang pantulong sa Baitang 8, ang paggamit ng mas nakatatandang *cohort* (Baitang 9) upang subukin ang bisa nito ay nagdudulot ng isyu sa validity. May dati na silang kaalaman sa paksa kaya maaaring naapektuhan nito ang kanilang *pretest* at *posttest scores*. Kung hindi na mababago ang datos, kailangang bigyang katwiran ito nang malalim sa teksto o tahasang tanggapin bilang isang limitasyon sa bahagi ng Diskusyon. |
| Ang mga Talahanayan 4, 5, at 6 na nagpapakita ng antas ng katanggapan ay masyadong mahaba at kumakain ng malaking espasyo sa manuskrito. Iminumungkahi na ibuod na lamang ang mga ito sa iisang talahanayan na nagpapakita ng mga kabuoang *mean* at deskripsyon bawat kategorya (Nilalaman, Kalidad at Pakinabang, Teknikalidad), bago talakayin ang mga pinakamataas at pinakamababang indikeytor sa mismong teksto. Masyadong *textbook-style* ang kasalukuyang pormat at hindi angkop sa mga *standard journal formats.* |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| **Pasya** | |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

**IKALAWANG YUGTO**

| **Pasya** | **Editor** | **Reviewer 1** | **Reviewer 2** |
|---|---|---|---|
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. | / | / | / |
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. | | | |
| Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. | | | |